REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 65

KAPASIYAHAN NA NAGTATAKDA NG PANININGIL O PANGONGOLEKTA NG PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA NG HALAGANG DALAWANG PISO (₱2) SA BAWAT PILA O BIYAHE NG MGA PAMPASAHERONG DYIP NA PUMAPASOK AT NAGSASAKAY NG MGA PASAHERO SA ALABANG JEEPNEY TERMINAL; SA BAWAT MASISINGIL AT MAKOKOLEKTANG DALAWANG PISO , ANG PISO (₱1) AY PUPUNTA SA KABANG-BAYAN NG MUNTINLUPA AT ANG NATITIRANG PISO (₱1) AY MAPUPUNTA SA MUNTINLUPA POLICE TRUST FUND.

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, ang pagkakaroon ng isang tanging terminal ng mga pampasaherong dyip sa Alabang ay magbibigay ng kaluwagan at kaayusan sa trapiko at ang madaling pagtukoy ng mga pasahero ng kanilang sakayan papunta sa kanilang mga destinasyon o pupuntahan;

SAPAGKAT, ang sinisingil na halagang dalawang piso ay gagamitin ng Pamahalaang Bayan sa pagmimintina ng terminal upang maging kaaya-aya ito sa mga pasahero at mga namamasada at makapagbigay ng tulong sa mga nagpapatupad ng batas at sa kanilang mga kaanak sa panahon ng kanilang pangangailangan o kagipitan sa pananalapi sa pamamagitan ng pagkakaroon ng "trust fund" na kung saan ay ito ang pagkukunan;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan at pinagpasiyahan pang muli na maningil ng dalawang piso sa bawat pila o biyahe ng mga pampasaherong dyip na gumagamit ng Alabang Jeepney Terminal upang magsakay o maglulan ng mga pasahero.

PINAGTIBAY ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang pangtatlumpu't anim (36th) na pangkaraniwang pulong na ginanap noong ika-14 ng Nobyembre, 1988.

KGG. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan/Pangulong Opisyal

KGG. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punongbayan/Pang. Pangulong Opisyal

KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

Pahina 2 (Kapasiyahan Bilang 65) -

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

PINATOTOHANAN :

RAUL R. CORRO
Kalihim Bayan

PINAGTIBAY : Nobyembre 14, 1988